Polyeto ng Serbisyo

Child Protection Support Service (ChildPRO)

Pinondohan ng Social Welfare Department (SWD) ang mga organisasyong hindi pampamahalaan (NGOs) upang magtatag ng anim na pangkat panserbisyo sa ilalim ng Child Protection Support Service (tinatawag na ChildPRO) noong Marso 2025 upang pahusayin ang propesyonal na suporta para sa mga batang apektado ng pang-aabuso at nasa panganib ng kapahamakan/pangmamaltrato, gayundin para sa kanilang mga pamilya.

Kasunod ng sunod-sunod na pagpapatupad ng ChildPRO, ang pangkat panserbisyo ay tumatanggap ng mga pag-endorso ng kaso mula sa mga Family and Child Protection Service Units (FCPSUs) sa unang yugto[Paalala]. Sa pamamagitan ng isang pinag-ugnay na pakikipagtulungan sa mga yunit na nag-eendorso, ang pangkat panserbisyo ay nagbibigay ng target at nakatuong interbensyon at propesyonal na suporta sa mga target na kliyente na kinabibilangan ng mga pamilyang may problema sa pagdidisiplina ng anak, o iyong mga hindi kayang ligtas na alagaan ang kanilang mga anak, o ang mga batang bulnerable sa kapahamakan/pagmamaltrato at ang kanilang mga pamilya, atbp. at bumubuo rin sila ng mga pinasadyang plano ng serbisyo para sa mga gumagamit ng serbisyo, kabilang ang suporta sa pagbisita sa bahay, mga grupong terapyutiko / mga pangkat ng sikososyal, mga programang pang-edukasyon / pagpapayabong ng pamilya, at mga serbisyong pagsama o pag-alalay, at iba pa.

Mga Layunin ng Serbisyo

1. Itaguyod ang pagtutulungan sa pagitan ng mga iba't-ibang disiplina at sektor upang makamit ang isang matibay na sistema ng proteksyon para sa mga batang apektado ng pang-aabuso o pinaghihinalaang nasa panganib ng kapahamakan/pagmamaltrato;
2. upang palakasin o pahusayin ang kakayahan sa pagiging magulang ng mga magulang/tagapangalaga at tulungan silang gampanan ang mga responsibilidad sa pamilya upang makapagbigay ng ligtas at mapagkalingang kapaligiran para sa matatag at malusog na pag-unlad ng kanilang mga anak;
3. upang paigtingin ang suporta para sa mga naabuso o bulnerableng bata na nasuring nangangailangan ng suporta sa pamamagitan ng pagbuo ng kanilang katatagan at pagpapalakas ng kanilang kakayahang protektahan ang sarili; at
4. upang maiwasan o mabawasan ang pagkakaroon ng mga insidente ng pang-aabuso sa bata sa pamamagitan ng epektibong pakikipagtulungan sa mga kaugnay na yunit ng serbisyo.

Mga Target na Tatanggap ng Serbisyo

Mga Pamilyang isinangguni ng mga manggagawang panlipunan [Paalala]

[Paalala] Ang pangkat panserbisyo ay tumatanggap ng mga pag-indorso mula sa FCPSUs at tatanggap din ng mgapang-indorso mula sa Integrated Service Centres / Integrated Service Centres na pinapatakbo ng SWD at NGOs sa ikalawang yugto.

Polyeto ng Serbisyo

Saklaw ng Serbisyo

1. **Suporta sa Pagbisita sa Bahay**
   Sa pamamagitan ng regular na pagbisita sa tahanan, layuning maabot, obserbahan, tasahin, at magbigay ng pinasadyang mga pagsasanay sa tahanan/napapanahong interbensyon, aktuwal na pagtuturo, live na demonstrasyon, at payo na base sa praktika upang bigyang-kakayahan ang mga magulang/tagapangalaga na makakuha ng tulong ukol sa mga kasanayan sa pagiging magulang, pagdidisiplina, at pag-aalaga sa bata.

2. **Grupo at Indibidwal na Sesyon**
   Upang magsagawa ng mga pinasadyang grupong terapyutiko / sikososyal o mga indibidwal na sesyon para sa target na mga gumagamit ng serbisyo upang tulungan sila sa paggaling mula sa mga traumatiko o hindi pa nareresolbang mga karanasan, bukod pa sa pagbuo ng katatagan at pagpapalakas ng kasanayan sa proteksyon sa sarili ng mga bata at kapasidad ng mga magulang.

3. **Suportang Klinikal na Sikolohikal at Narsing**
   Sa pamamagitan ng propesyonal na input ng klinikal na sikolohista at kawani ng narsing sa ilalim ng pamamaraang pagtutulungan upang mapadali ang konsultasyon/pagtatasa ng kaso, magbigay ng payo/rekomendasyon, o magbigay ng panandaliang klinikal na sikolohikal na paggamot habang binubuo at ipinapatupad ang plano ng serbisyo, kasama rin dito ang pangangasiwa ng mga grupo at indibidwal na sesyon upang tugunan ang mga partikular na pangangailangan ng mga gumagamit ng serbisyo.

4. **Programang Pang-edukasyon at Pagpapayaman ng Pamilya**
   Upang mag-organisa ng malawak na hanay ng mga programang pang-edukasyon at aktibidad pam- pamilya upang magbigay ng oportunidad para sa interaksyon ng magulang at anak, paghubog ng positibong relasyon ng pamilya-anak, pagpapalakas o pagpapanumbalik ng maayos na takbo ng pamilya, at muling pagbuo ng network ng suporta ng mga kamag-anak o mahahalagang tao para sa mga nangangailangang pamilya.

5. **StandbyU**
   Upang palakasin ang suporta sa mga pamilyang kulang sa motibasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng nakatuong pangangalaga/suporta at/o pagsama/pag-alalay, atbp., upang maibsan ang kanilang stress sa pagiging magulang o problema sa pag-aalaga ng bata at/o tulungan silang maisagawa ang mga kinakailangang gawain / mga gawaing makakatulong sa kanilang paggaling, tulad ng pagpunta sa mga nakatakdang konsultasyong medikal, pagpupulong para sa kaso o mga pagpupulong, pag-aaral, pagsasanay, grupo/programa o iba pang biglaang sitwasyon tulad ng pagpasok sa mga serbisyong pangangalagang residensyal at pagsali sa mga pagtitipon ng pamilya sa mga espesyal na okasyon, atbp. Maaari ring humingi ng tulong mula sa mga boluntaryo upang suportahan ang mga nangangailangang kaso sa pamamagitan ng iba't ibang paraan tulad ng pag-aayos ng mga aktibidad na panlibangan, tutorial, o suporta mula sa kapwa, atbp.

Bayad sa Serbisyo

Walang bayad

Polyeto ng Serbisyo

Listahan ng mga Pangkat Panserbisyo

Pangkat	Tagapamahala ng Serbisyo & At Pangalan ng Yunit	Mga Distritong Sineserbisyuhan	Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan
1	**St. James' Settlement**	• Central, Western, Southern & Islands • Eastern & Wan Chai	Address : Room 1802-1806, 18/F, C.C. Wu Building, 302-308 Hennessy Road, Wan Chai, Hong Kong Tel : 3619 5123 Fax : 3619 5022 Email : cschildpro@sjs.org.hk
2	**Hong Kong Catholic Marriage Advisory (The)**	• Kwun Tong • Tseung Kwan O • Sai Kung	Address : Room 1011-1012, 10/F, Chevalier Commercial Centre, 8 Wang Hoi Road, Kowloon Bay, Kowloon Tel : 2810 1002 Fax : 2810 1060 Email : childpro@cmac.org.hk
3	**Salvation Army (The)**	• Wong Tai Sin • Kowloon City • Yau Tsim Mong	Address : 10/F, Wing Kwok Centre, 182 Woosung Street, Jordan, Kowloon Tel : 2267 9698 Fax : 2267 9798 Email : ChildPRO.yfc@hkm.salvationarmy.org
4	**Boys' and Girls' Clubs Association of Hong Kong (The)**	• Sham Shui Po • Tsuen Wan • Kwai Chung • Tsing Yi	Address : Room 4511B-4515, 45/F, Metroplaza Tower 1, 223 Hing Fong Road, Kwai Fong, New Territories Tel : 2672 2868 Fax : 2672 2882 Email : bgcachildpro@bgca.org.hk
5	**Tung Wah Group of Hospitals**	• Shatin • Tai Po • North	Address : Room 1901-1903 and 1918, 19/F, Shatin Galleria, 18-24 Shan Mei Street, Fo Tan, New Territories Tel : 2157 2232 Fax : 3583 2208 Email : childpro@tungwah.org.hk
6	**Hong Kong Sheng Kung hui Welfare Council Limited**	• Tuen Mun • Yuen Long	Address : Room 308-309, 3/F, Tower 1, One North, 8 Hong Yip Street, Yuen Long, New Territories Tel : 2117 3626 Fax : 3586 3020 Email : liucpss@skhwc.org.hk

* Ayon sa hangganan ng serbisyo ng 11 administratibong distrito ng SWD

Oras ng Operasyon

- ✧ Ang bawat pangkat panserbisyo ay nagpapatakbo ng hindi bababa sa 4 na Pang-araw na sesyon (ibig sabihin 9 a.m. hanggang 6 p.m.) at 2 Pang-hapon hanggang Panggabing sesyon (ibig sabhin 1 p.m. hanggang 9 p.m.) bawat linggo (mula Lunes hanggang Sabado)
- ✧ Sarado tuwing Linggo at mga piyesta opisyal
- ✧ Ukol sa magkakaibang oras ng operasyon ng bawat pangkat, mangyaring sumangguni sa kanilang mga polyeto ng serbisyo.

Social Welfare Department
Family and Child Welfare Branch
January 2026